
# Ang Inang Bibe at Limang Sisiw

Namasyal ang inahing bibe kasama ang limang sisiw. Nagpunta sila sa ilog. Lumanguy-langoy sila rito. Masayang-masaya sila.



1. Tungkol sa ano ang kwento?
2. Ilan ang mga sisiw?
3. Saan sila nagpunta?
4. Ano ang kanilang ginawa roon?
5. Masaya kaya sila?

# Kaarawan ng Nanay

Kaarawan ng Nanay. Naglinis ng bahay ang Kuya. Nag-ayos ng mesa ang Ate. Nagluto ng pagkain ang Tatay. Ginulat nila ang Nanay.

1. Sino ang may kaarawan?
2. Sino ang naglinis?
3. Sino ang nag-ayos ng mesa?
4. Sino ang nagluto?
5. Sino ang nagulat?



# Ang Alaga ni Enteng

May alagang inahing manok si Enteng. Mayroon itong pitong sisiw "Siyap, Siyap!" ang sabi nila. Ang ibig sabihin, "Ibig namin ng butil".



1. Sino ang may alagang manok?
2. Anong manok ang alaga niya?
3. Ilan ang sisiw nito?
4. Ano ang sabi ng sisiw?
5. Ano ang ibig nilang kainin?

# Ang Uniporme

Papasok na sa paaralan si Minda. Nagsuot siya ng uniporme Puti ang kanyang blusa. Asul ang kanyang palda. Itim ang kanyang sapatos.



1. Saan pupunta si Minda?
2. Ano ang suot niyang damit?
3. Anong kulay ang kanyang blusa?
4. Anong kulay ang kanyang palda?
5. Anong kulay ang kanyang sapatos?

# Ang Batang Sakitin

Sakitin si Maring. Wala siyang ganang kumain. Ibig niya ang masarap na ulam. Ibig niya ang karne at isda. Ayaw niya ng gulay.



1. Sino ang walang ganang kumain?
2. Sakitin ba siya?
3. Anong ulam ang ibig niya?
4. Ano ang ibig niyang kainin
5. Ano ang ayaw niyang kainin?

# Ang Palaka

Nakakakita ka na ba ng palaka.Apat ang paa nito. Nakaluwa ang dalawang mata nito. “Kokak,Kokak,” ang sabi nito.



1. Anong hayop ang binanggit sa talata?
2. Ilan ang paa nito?
3. Nakaluwa ba ang mata nito?
4. Ilan ang mata ng palaka?
5. Ano ang sinasabi nito?

# Tumbampreso

Maiingay ang mga bata. Naglalaro sila. Tumbampreso ang kanilang laro. May mga pamato sila. Itinutumba nila ang lata.



1. Sino ang maingay?
2. Ano ang kanilang ginagawa?
3. Ano ang kanilang laro?
4. Ano ang hawak nila?
5. Ano ang kanilang itinutumba?

# Ang Bahay nina Carding

Maganda ang bahay nina Carding. Dalawang palapag ito. Puti ang kulay ng bahay. Luntian ang pinta ng bakod nito.



1. Kanino ang bahay?
2. Maganda ba ang kanilang bahay?
3. Ilang palapag mayroon ito?
4. Ano ang kulay ng bahay?
5. Ano ang pinta ng bakod nito?

# Papel na Puso

Ika-14 ng Pebrero. Araw ng mga Puso. Kumuha si Mario ng papel na pula. Gumupit siya ng hugis-puso. Ibinigay niya ito sa guro.



1. Anong araw noon?
2. Kailan ito ipinagdiriwang?
3. Ano ang ginawa ni Mario?
4. Anong kulay ng papel ang ginamit?
5. Kanino niya ito ibinigay?

# Bumili si Lita

Pumunta sa tindahan si Lita. Bumili siya ng tatlong lapis. Bumili rin siya ng tatlong buong papel. Bumili pa siya ng sampung kuwaderno. Gagamitin niya ito sa pag-aaral

1. Saan pumunta si Lita?
2. Ilang lapis ang kanyang binili?
3. Ilang buong papel ang kanyang binili?
4. Ilang kuwaderno ang kanyang binili?
5. Saan niya ito gagamitin?



# Ang Lola

Matanda na si Lola. Maputi na ang kanyang buhok.Kulubot na ang kanyang balat.Ngunit malakas pa siya. Inaalagaan niya kami.



1. Sino ang matanda na?
2. Ano ang kulay ng kanyang buhok?
3. Makinis ba ang kanyang balat?
4. Mahina na ba siya?
5. Nakapag-aalaga ba si Lola?

# Nagbakasyon

Nagbakasyon ang mag-anak. Nagpunta sila sa Baguio. Sumakay sila sa bus. Limang araw sila roon. Sumakay sila muli sa bus sa pag-uwi



1. Sino ang nagbakasyon?
2. Saan sila nagpunta?
3. Ano ang sinakyan nila?
4. Ilang araw sila roon?
5. Ano ang sinakyan nila pauwi?

# Ang mga Laruan ni Manuel

Maraming laruan si Manuel. Natanggap niya ang mga ito noong Pasko. Bisikleta ang bigay ng Lolo. Bola ang bigay ng Nanay at Tatay. Damit ang bigay ng Ninang at Ninong.



1. Sino ang may maraming laruan?
2. Kailan niya natanggap ang mga ito?
3. Ano ang bigay ng lolo?
4. Ano ang bigay ng Nanay at Tatay?
5. Ano ang bigay ng Ninong at Ninang?

# Ang Saranggola

Gumawa ng laruan ang Kuya. Gumawa siya ng saranggola. Kawayan ang kanyang ginamit. Binalutan niya ito na manipis na papel. Tinalian niya ito ng pisi.




1. Sino ang gumawa ng laruan?
2. Anong laruan ang kanyang ginawa?
3. Ano ang kanyang ginamit?
4. Anong papel ang kanyang ginamit?
5. Ano ang itinali niya dito?

# Ang Araw

Tingnan mo ang araw. Nakasisilaw. Kailangan ng halaman ang init nito. Kailangan din ito ng hayop. Kailangan ito ng lahat.

1. Tungkol sa ano ang talata?
2. Nakasisilaw ba ito?
3. Kailangan ba ito ng halaman?
4. Kailangan din ba ito ng hayop?
5. Kailangan din ba natin ito?



# Si Olet



Pitong taon na si Olet. Nag-aaral na siya. Nasa unang baitang na siya. Si Bb. Santos ang kanyang guro.

1. Sino ang pinag-uusapan?
2. Ilang taon na siya?
3. Nag-aaral ba siya?
4. Nasa anong baitang na siya?
5. Sino ang kanyang guro?